



Council for
Intellectual Disability



Ang iyong karapatan sa mabuting pangangalagang pangkalusugan

Papel-Kaalaman tungkol sa Kalusugan



**Madaling
Basahin**

www.cid.org.au

Mga nilalaman

Ang iyong karapatan sa mabuting pangangalagang pangkalusugan **1**

Mabuting pangangalagang pangkalusugan **2**

Paghahanap ng magaling na doktor **4**

Paggawa ng reklamo **5**

Paano gumawa ng reklamo **6**

Mga mungkahi sa paggawa ng reklamo **7**

Saan ka makakakuha ng tulong **8**

Ang iyong karapatan sa mabuting pangangalagang pangkalusugan



Ang papel-kaalamang ito ay tungkol sa iyong karapatan sa mabuting pangangalagang pangkalusugan.



Sinasabi nito sa iyo kung ano ang mabuting pangangalagang pangkalusugan.



Minsan hindi ka nakakakuha ng mabuting pangangalagang pangkalusugan.



Maaari kang **magreklamo**.

Ang **reklamo** ay nangangahulugan ng pagsasalita kapag hindi ka masaya.

Ang papel-kaalaman na ito ay magsasabi sa iyo tungkol sa mga reklamo.

Mabuting pangangalagang pangkalusugan



Maraming bahagi ang mabuting pangangalagang pangkalusugan.

Mahalagang tratuhin ka nang maayos ng lahat ng manggagawang pangkalusugan (health workers).



Ang mabuting mga health worker ay nakikinig.

Ang isang mabuting health worker ay maglalaan ng oras sa iyo.



Ang mabuting mga health worker ay nagtatanong.

At binibigyan ka ng panahon para sumagot.



Ang mabuting mga health worker ay hinahayaan kang magtanong.



Ang mabuting health worker ay mag-aalok ng mga pagsusuri sa kalusugan na tama para sa iyo.



Ipapaliwanag niya kung ano ang gusto niyang gawin.



Magtatanong siya bago ka niya hawakan.



Pananatiliing pribado ng mabuting mga health worker ang iyong impormasyon.

Makikipag-usap lang sila sa ibang tao tungkol sa iyong kalusugan kung sasabihin mong OK lang ito.

Paghahanap ng magaling na doktor



Ang iyong karaniwang doktor ay tinatawag na **GP**.

Ang **GP** ay maikling taguri para sa general practitioner.

Mainam na magpatingin sa parehong doktor sa bawat pagkakataon.



Maghanap ng doktor na naglalaan ng oras sa iyo.

Maghanap ng doktor na tinatrato ka nang may paggalang.



Magpatingin sa iyong doktor para sa pagsusuri sa kalusugan nang 1 beses bawat taon.

Kahit wala kang masamang nararamdaman.

Maaari kang magpatingin sa iyong doktor anumang oras.

Paggawa ng reklamo



Minsan maaari mong maramdaman na hindi maganda ang pangangalaga sa iyong kalusugan.

Maaaring maramdaman mong hindi ka tinatrato nang maayos.

Maaaring maramdaman mong hindi hinaharap ng health worker ang iyong problema sa tamang paraan.



Maaari kang magreklamo.

Sarili mong desisyon ang magreklamo.

Okay lang na magreklamo.



Dapat niyang pakinggan ang iyong reklamo.

At sabihin sa iyo kung ano ang kaniyang gagawin tungkol dito.

Paano magreklamo



Maaari kang magreklamo sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang tao.

Maaari mo ring kausapin ang taong nangangasiwa.



Maaari mo silang tawagan.



O maaari kang sumulat sa kanila.



Maaari kang humingi ng tulong sa isang kaibigan o kapamilya.

O maaari kang humingi ng tulong sa isang **tagapagtaguyod**.

Ang **tagapagtaguyod** ay isang taong magsasalita para sa iyo.

Mga mungkahi para sa pagrereklamo



Kausapin ang tao sa lalong madaling panahon.



Maging kalmado.



Ipaliwanag ang problema.

Sabihin sa tao kung paano mo gustong ayusin ang problema.

Saan ka makakakuha ng tulong



Makakakuha ka ng tulong sa pagrereklamo.

Maaari kang tumawag sa linya ng pagrereklamo sa kalusugan ng iyong estado.



Ang numero ay iba-iba para sa bawat estado.

- NSW **1800 043 159**
- Victoria **1300 582 113**
- Queensland **133 646**
- ACT **02 6205 2222**
- Tasmania **1800 001 170**
- South Australia **08 8226 8666**
- Western Australia **1800 813 583**
- Northern Territory **1800 004 474**



Maaari mo ring tawagan ang Komisyon ng Kalidad at mga Paniniguro ng NDIS (**NDIS Quality and Safeguards Commission**).

1800 035 544

Mga papel-kaalaman ng Konseho para sa mga May Kapansanang Intelektwal **CID** tungkol sa kalusugan



Mayroon kaming impormasyon tungkol sa **taunang pagsusuri sa kalusugan** dito

www.cid.org.au/resource/yearly-health-check-fact-sheet



Mayroon kaming impormasyon tungkol sa **mga uri ng mga pagsusuring pangkalusugan** dito

www.cid.org.au/resource/types-of-health-checks-fact-sheet



Mayroon kaming impormasyon tungkol sa **pangangalaga ng iyong ngipin** dito

www.cid.org.au/resource/caring-for-your-teeth-fact-sheet



Marami kaming iba pang mga papel-kaalaman tungkol sa kalusugan.

Maaari mong makuha ang mga ito mula sa

www.cid.org.au/resource-category/health



Kontakin ang CID



1800 424 065



info@cid.org.au



www.cid.org.au



facebook.com/NSWCID



twitter.com/CIDvoice



instagram.com/council_intellectualdisability

Ginawa ang papel-kaalaman na ito noong 2021.

Ang impormasyong ito ay inihanda gamit ang pondo mula sa Kagawaran ng Kalusugan ng Pamahalaang Australya.